

# COVID-19

By Martha Keswick + Mariko Jesse + Timothy Sim

*Manatiling Ligtas at Nakangiti!*



Si Grand Mistress Fu at ang COPE Squad ay isang grupo na tumutugon sa mga kalamidad at sakuna ay naka-lockdown sa The Cope Academy.

Ang aming misyon ay panatilihin kang  
**LIGTAS at NAKANGITI**  
sa buong panahon ng COVID-19.

Maari mo ding marinig ang iba't ibang  
kwento ng mga batang na-lockdown.

Makinig ka ng mabuti.



*Grand  
Mistress Fu*

*Sense*



Woof woof!



*Rescue*

Scan here to find  
out more about  
**The COPE Squad.**




Ngayon COPE, ano ang alam natin tungkol sa COVID-19?

Ito ay isang uri ng virus na kilala din bilang coronavirus.

Ang mga pangunahing sintomas ay ang pag-ubo, lagnat at hirap sa paghinga.

Ang virus ay napakaliit na maaari lamang itong makita sa ilalim ng isang mikroskopyo. Mabilis ang pagkalat nito sa pamamagitan ng pag-ubo at pag-bahing ng taong may sakit, at kapag hinawakan nya ang mga tao at bagay na nakapaligid sa kanya.



Kailangan nating maging handa!

..... The COPE Squad .....

C

..... Candy

O

..... Ollie

P

..... Ping

E

..... Eddy

# MANATILING MALAKAS

Maghugas ng kamay gamit ang sabon at tubig sa loob ng dalawampung segundo habang umaawit ng paborito mong kanta!



Magaling, Binabati Kita! Rescue!



Takpan ng iyong siko o ng tisyu kapag bumabahing o umuubo at itapon ito ng wasto. Sundin ang mga patakaran sa pagsusuot ng maskara o mask. Huwag hawakan ang iyong mukha, lalung-lalo na ang iyong mata, bibig at ilong.






Maganda ang porma, Ollie!

Magsayaw sa online kasama ang iyong mga kaibigan. Mag ehersisyo sa loob ng tahanan. Subukang mag yoga.



# MANATILING


# AKTIBO



Maglaro ng snakes and ladders at siguraduhin na linisin ito pagkatapos. Magsulat ng talaarawan tungkol sa lockdown.

# MANATILING LIGTAS

Magsabi sa iyong mga magulang kung masama ang iyong pakiramdam. Panatilihin ang ligtas na distansya (sampung talampakan). Iwasan ang pagbabahagi o pagpapahiram ng mga kagamitan o tuwalya, maliban na lamang kung sigurado ka na maayos itong nahugasan o nalabhan.



Ayos lang na malungkot at mainip. Makipag-chat sa iyong mga kaibigan. Subukan ang lahat ng iyong makakaya habang nag-aaral sa loob ng bahay – Yayain ang iyong pamilya na samahan kang mag basa. Makipaglaro ng card sa iyong Lolo at Lola sa online.



Ikaw naman, Sense!

**MANATILING  
NAKANGITI**

## SINGAPORE

Kamusta po, Ako po ay si Gabriel, sampung taong gulang. Ang aking mga magulang ay nagtatrabaho sa isang sikat na Kainan bilang mga serbidora. Ako po ay may nakatatandang kapatid na babae. Ang pangalan ng aking Ate ay Peggy at siya ay labing-pitong taong gulang. Kami ay nakatira sa isang maliit na apartamento. Si Ate Peggy ay nagsimulang magka-ubo at magka-lagnat. Kahit takot si Ate Peggy ay pumunta pa rin sya sa ospital upang magpasuri sa COVID-19. Kinailangan naming maghintay ng ilang araw bago makuha ang resulta ng pagsusuri.

Nahirapan kaming ihiwalay si Ate Peggy habang naghihintay ng resulta sapagkat sama-sama kaming natutulog sa iisang kwarto. Gayunpaman, nanatili kaming maingat sa pag bahagi ng mga personal na gamit sa bahay tulad ng tuwalya, chopsticks o baso at madalas na pag huhugas ng mga kamay gamit ang sabon. Masayang masaya kami nang matanggap namin ang balita na negatibo ang resulta ng pagsusuri ni Ate Peggy.






## PAKISTAN

Kamusta po, Ang pangalan ko po ay Zain, labindalawang taong gulang. Ako po ay nakatira sa bayan ng Orangi na malapit sa Karachi. Ang Karachi ay kilala sa buong mundo bilang pinakamalaking estero.

Ako ang pinakabata sa aming apat na magkakapatid na lalaki. Madalas kaming maglaro ng aking mga kapatid sa mga maliliit na iskinita at magpalipad ng saranggola. Napakahirap manatili ng buong araw sa isang maliit na tahanan sa panahon ng COVID-19 lockdown.


Ang aming Tatay ay limang buwan ng malayo sa amin sapagkat sya ay nagtatrabaho sa bansang Thailand. Hindi namin alam kung kailan sya makakauwi sa aming bansa kung kaya't madalas ay nag bi-video chat kami sa aming Tatay. Kahit gabi-gabi namin syang kausap, ramdam namin na iba pa rin kung kapiling namin sya. Upang malibang kami ng aking mga kapatid, nag disensyo kami ng nakatutuwang ugnayan sa marmol sa loob ng aming mga silid. Hindi kami makapaniwala na epektibo ang aming ginawa!



## AUSTRALIA

Magandang Araw! Ang pangalan ko po ay Waru at ako ay labindalawang taong gulang. Nakatira ako kasama ng aking Tatay sa isang maliit at malayong lungsod.

Ang aking Tatay ay isang pintor. Madalas ay tinutulungan ko sya sa pagpipinta at kami ay sobrang malapit sa isa't isa. Sa ngayon ay hindi pa nakararating ang COVID-19 sa aming malayong komunidad.



Natatakot kami sa mahabang pagbyahe papunta ng syudad para sa pagsusuri ng COVID-19. Subalit gusto din namin na manatiling ligtas ang lahat ng tao sa aming komunidad at siguraduhing hindi makapasok ang virus sa aming pamayanan. Nabalitaan namin na magkakaroon ng bagong pasilidad para sa COVID-19 sa Woorabinda Health Centre na maari ng gumawa ng pagsusuri. Dahil dito, naramdaman namin na kami ay protektado.

# JAPAN

Magandang Araw! Ang pangalan ko po ay Sachi na ang ibig sabihin ay "Masaya" sa salitang Hapon. Ako po ay nakatira sa Kobe. Ako po ay walong taong gulang samantalang ang aking kapatid na si Ken ay limang taong gulang.

Ang aking Nanay ay isang nars at parmasiyotiko naman ang aking Tatay. Ang aking Nanay ay hindi maaring umuwi sa aming tahanan sapagkat kailangan nyang mag kuarentina ng sarili sa ibang lugar. Nangungulila ako sa aking Ina at hinahanap-hanap ko ang kanyang kwento bago matulog.

Kami ay patuloy pa rin na pumapasok sa paaralan. Ako ay magaling sa aming klase subalit dahil sa COVID-19, naapektuhan ang aking pag-aaral. Ako ay natakot at tumigil sa pagsasalita sapagkat tinutukso ako ng aking mga kaklase. Sinabi nila na layuan ko sila sapagkat marumi raw ako dahil nars ang aking Nanay. Pinagsabihan ng aming guro ang lahat ng mga kaklase ko na dapat silang maging mabait sa amin sapagkat kami ay itinuturing na "anak ng mga bayani". Ipinagmamalaki ko ang aking mga magulang dahil sa kanilang trabaho.





## SCOTLAND

Kamusta po. Ako po ay si Grace, labing apat na taong gulang at nakatira sa Glasgow.

Ang bansang UK ang pinakamalakas na tinamaan ng COVID-19. Noong panahon ng lockdown, ang aking Inay ay nagsimulang magka-ubo. Napakatapang nya sapagkat wala syang takot na kaagad na nagpasuri. Mabuti at isang simpleng sipon lamang ang sakit ni Inay.

Ang sabi ni Inay, ang pinaka-apektado at pinaka-nangagailangan ng tulong at pinaka-kawawa ay ang mga etnikong minorya at ang mga nakatira sa care home. Subalit pati rin ang mga prinsipe, punong ministro at mga sikat na artista ay tinamaan din ng virus. Kung kaya't masasabi ko na walang pinipili ang COVID-19, anumang antas ng pamumuhay. May bagong ospital para sa mga pasyente ng COVID-19 dito sa Glasgow. Mahal na Mahal namin ang lahat ng mga manggagawa sa sector ng kalusugan at ipinapakita namin ang aming pasasalamat sa walang sawa nilang pag-aalaga sa pamamagitan ng pagpalakpak para sa kanila tuwing Huwebes.






# MANATILING MALAKAS

Palaging maghugas ng kamay. H'wag hawakan ang mata, bibig at ilong. Magsuot ng takip sa mukha or mask kung ikaw ay may sakit.



# MANATILING AKTIBO

Patuloy na magsayaw kasama ang mga kaibigan sa online. Ipagpatuloy mo ang pagbi-beyk. Gumawa ng bahay-bahayan.



# MANATILING LIGTAS

Ipagpatuloy na ihiwalay ang sarili sa mga taong hindi kasama sa bahay. Iwasan ang pagbabahagi ng pagkain at inumin. Tanungin ang mga magulang sa pinakabagong mga alituntunin na naayon sa iyong bansa.



# MANATILING NAKANGITI

Palaging makipag-chat at yakapin ang iyong mga Lolo at Lola sa online. Makipagtawanan sa iyong mga kaibigan. Makinig sa iba't ibang kwento tungkol sa lockdown.

Ipagpatuloy natin ang  
magandang Gawain! Maging  
Kampeon ng COPE COVID-19!

Palaganapin ang salita!

**MANATILING LIGTAS  
at NAKANGITI!**



At tandaan,

**SAMA-SAMA TAYO DITO!**





### COPE Contributors

*AUTHOR* Martha Keswick

*ILLUSTRATOR* Mariko Jesse

*EDITOR* Timothy Sim

Published in Hong Kong by PPP Company Limited

### Special thanks

Professor Lena Dominelli, *University of Stirling, UK*

Professor Sonoe Mashino, *University of Hyogo, Japan*

Professor Caryn West, *James Cook University, Australia*

Michelle Yeo, 🧠 *Su Shan Lim* and 😊 *Dimitros Lim, ReadAble, Singapore*

Translated by Ma Mavelou Caspe-Belen, *Philippines*

Copyright © 2020 Martha Keswick, Mariko Jesse, Timothy Sim

[www.cope-disaster-champions.com](http://www.cope-disaster-champions.com)

📱 @ [COPEdisasterchampions](https://www.instagram.com/COPEdisasterchampions)



for every child